



KAHANDAAN, HAMON AT REPLEKSIYON NG MGA GURO SA FILIPINO SA CLASSROOM OBSERVATION

Rymilyn V. Mesaya¹, Dan M. Dagatan²

¹Luisa Medel National High School, Philippines, ²La Carlota City College, Philippines

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na siyasin ang kahandaan, mga hamon, at mga repleksiyon ng mga guro sa Filipino hinggil sa obserbasyong pangklasrum bilang batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampatakaran. Nabatay ang pag-aaral sa Reflective Practice Theory ni Donald Schön, na nagbigay-diin sa kahalagahan ng repleksiyon bilang mekanismo sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong disenyo at tematikong analisis upang masuri ang mga karanasan ng mga guro sa Filipino na may tatlong taon pababa ng karanasan sa pagtuturo, may permanenteng katayuan sa serbisyo, at nakatanggap ng markang "Satisfactory" sa School Year 2024–2025. Nakalap ang mga datos sa pamamagitan ng malalimang panayam upang mailarawan ang kanilang paghahanda, mga hamong naranasan bago, habang, at pagkatapos ng obserbasyong pangklasrum, gayundin ang kanilang mga repleksiyon at mga pagbabagong isinagawa sa kanilang praktikalang pedagogikal. Ipinakita ng pag-aaral na ang obserbasyong pangklasrum ay nagsilbing mahalagang pagkakataon para sa pagninilay, pagtanggap ng makabuluhang puna, at pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagtuturo sa kabila ng mga hamong naranasan ng mga kalahok. Napag-alaman din na ang suportibong feedback, kolaborasyon, at sistematikong pagninilay ay nakatulong sa pagpapalakas ng kanilang propesyonal na kumpiyansa at pagganap. Batay sa mga natuklasan, nabuo ang mga rekomendasyong naglalayong higit pang mapaunlad ang mga patakaran at proseso ng obserbasyong pangklasrum tungo sa isang mas makatao, reflektibo, at developmental na sistema ng propesyonal na pagpapaulad ng mga guro.

KEYWORDS: Obserbasyong Pangklasrum; Replektibong Praktika; Mga Guro sa Filipino; Propesyonal na Pag-unlad; Puna at Feedback; Praktikalang Pedagogikal; Tematikong Analisis; Reflective Practice Theory.

INTRODUKSYON

Ang obserbasyong pangklasrum ay isang mahalagang mekanismo sa pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo at propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Sa Pilipinas, isinasagawa ito sa ilalim ng Results-Based Performance Management System (RPMS) na nakaangkla sa Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Ginagamit dito ang Classroom Observation Tool (COT) bilang instrumento sa pagtataya ng pagtuturo, at ang mga resulta nito ay nagsisilbing Means of Verification (MOV) sa Individual Performance Commitment and Review Form (IPCRF) (Department of Education, 2024).

Ipinakikita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang classroom observation ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pagtuturo at propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Ayon kina Empiales at Obiso (2025), mahalaga ang COT sa pagtukoy ng mga kalakasan at pangangailangang propesyonal ng mga guro. Samantala, ipinakita nina Vilorio et al. (2021) na ang peer observation ay nagpapalawak ng kolaborasyon sa mga guro. Natuklasan din nina Mwema at Gachoka (2014) at Okoth at Oluoch (2019) na ang patas na pagtataya at malinaw na feedback ay nagpapataas ng motibasyon at pagganap ng mga guro.

Sa kabila nito, nananatiling limitado ang mga pag-aaral tungkol sa aktuwal na karanasan ng mga guro sa Filipino sa Classroom Observation. Kakaunti ang pananaliksik na nakatuon sa kanilang kahandaan, mga hamon, at mga repleksiyon sa buong proseso ng obserbasyon, lalo na sa mga guro may tatlong taon pababa ng karanasan sa pagtuturo, may permanenteng katayuan

sa serbisyo, at nakatanggap ng "Satisfactory" na rating sa School Year 2024–2025. Dahil dito, may puwang pa sa literatura na kailangang punan.

Bunga nito, layunin ng pag-aaral na ito na maunawaan ang mga karanasan ng mga guro sa Filipino sa Classroom Observation at makapagbigay ng batayan sa pagpapabuti ng sistema ng Classroom Observation at sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro.

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na masiyasat at maunawaan ang kahandaan, mga hamon, at repleksiyon ng mga guro sa Filipino hinggil sa obserbasyong pangklasrum bilang batayan sa pagbuo ng rekomendasyong pampatakaran. Partikular, hinahangad ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano inilalarawan ng mga guro sa Filipino ang kanilang kahandaan sa classroom observation?
2. Ano-ano ang mga hamong naranasan ng mga guro sa Filipino bago, habang, at pagkatapos ng classroom observation?
3. Ano-ano ang mga karanasan at repleksiyon ng mga guro sa Filipino kaugnay ng classroom observation?
4. Paano nakaapekto ang classroom observation sa praktikalang pedagogikal at propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa Filipino?



5. Anong mga mungkahing rekomendasyon ang maaaring mabuo batay sa mga karanasan at repleksiyon ng mga guro upang higit na mapahusay ang mga patakaran at proseso ng classroom observation?

METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo upang maunawaan ang mga aktuwal na karanasan ng mga guro sa Filipino hinggil sa classroom observation, partikular ang kanilang kahandaan, mga hamon, repleksiyon, at mga pagbabagong isinagawa sa kanilang praktikang pedagogikal bago, habang, at pagkatapos ng obserbasyon. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2022) upang matukoy at mabigyang-kahulugan ang mga padron at temang lumitaw mula sa mga salaysay ng mga kalahok. Ang mga kalahok ay binubuo ng limang (5) baguhang guro sa Filipino mula sa isang pampublikong sekundaryang mega school sa isang cluster ng mga paaralan sa Lungsod ng Bacolod. Pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa itinakdang pamantayan, kabilang ang pagkakaroon ng hindi hihigit sa tatlong taon sa serbisyo, permanenteng item, karanasan sa classroom observation gamit ang Classroom Observation Tool (COT), Satisfactory na RPMS rating, at kusang-loob na pagpayag na lumahok. Gumamit ng pseudonyms na Teacher A hanggang Teacher E upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Bilang pangunahing instrumento, gumamit ang mananaliksik ng semi-structured interview guide na nakatuon sa paghahanda, mga karanasan, hamon, puna, repleksiyon, at mga pagbabagong isinagawa ng mga guro kaugnay ng classroom observation. Ang interview guide ay sinuri ng mga eksperto upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at pagkakaayon nito sa mga layunin ng pag-aaral. Isinagawa ang indibidwal na panayam na tumagal nang humigit-kumulang 45–60 minuto at, sa pahintulot ng mga kalahok, ang mga ito ay inirekord at isinalin sa verbatim na transkripsyon. Isinagawa rin ang member checking upang mapatibay ang kredibilidad ng datos. Sa pagsusuri, sinunod ang anim na yugto ng Reflexive Thematic Analysis: pagiging pamilyar sa datos, coding, pagbuo ng paunang tema, pagrerepaso ng mga tema, pagpino at pagbibigay ng pangalan sa mga tema, at pagsulat ng resulta. Isinaalang-alang din ang reflexivity ng mananaliksik upang matiyak na ang interpretasyon ay nakabatay sa aktuwal na salaysay ng mga kalahok. Sa buong proseso, isinagawa ang mga kinakailangang hakbang etikal, kabilang ang pagkuha ng pahintulot at informed consent, pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal, paggamit ng pseudonyms, ligtas na pag-iimbak ng datos, at paggalang sa karapatan ng mga kalahok na umatras anumang oras. Ang mga pamamaraang ito ay isinagawa upang mapanatili ang credibility, dependability, at confirmability ng mga natuklasan.

RESULTA

Tema 1. Kahandaan ng mga Gurong Filipino sa Obserbasyong Pangklasrum

Ang kahandaan ng mga guro ay isa sa pinakamahalagang salik sa matagumpay na pagsasagawa ng obserbasyong

pangklasrum. Ipinakita sa mga naging tugon ng mga kalahok na ang kanilang paghahanda ay hindi lamang nakatuon sa pagbuo ng mga kinakailangang dokumento kundi maging sa pagpapahusay ng kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, pakikipag-ugnayan sa mga mentor, at patuloy na pagpapaunlad ng kanilang propesyonal na kakayahan. Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang tatlong subtema: (1) Masusing Paghahandang Instruksiyonal, (2) Kolaboratibong Suporta mula sa Mentor, at (3) Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad. Ang mga subtemang ito ay nagpapakita na ang kahandaan ng mga guro ay isang komprehensibong proseso na binubuo ng personal na paghahanda, kolaborasyon, at patuloy na pagkatuto.

Subtheme 1. Masusing Paghahandang Instruksiyonal

Lumitaw sa pag-aaral na ang mga gurong kalahok ay nagbibigay ng malaking halaga sa masusing paghahanda bago ang obserbasyong pangklasrum. Kabilang dito ang pagrerepaso sa lesson plan, pagtiyak ng pagkakahayanay ng mga layunin, estratehiya, at pagtataya, gayundin ang paghahanda ng mga kagamitang panturo. Para sa kanila, ang sistematikong paghahanda ay mahalaga upang maging maayos ang daloy ng pagtuturo at matugunan ang mga inaasahang pamantayan sa classroom observation.

Ipinakita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Nirereview ko ang aking lesson plan kung pasok ba ang mga task na dapat na maipakita ko sa obserbasyon."

"Sinusuri ko kung ang mga activities, materials at assessment ay malinaw at naka-align sa objective."

Teacher A

"Pinaghahandaan ko ng mabuti at maaga."

"Maisaayos ko ang mga kakailanganing SIMs na gagamitin."

Teacher B

"Pag-aralan ang susunod na aralin."

"Gawin ang banghay-aralin at paghandaan ang mga kagamitang panturo at visual aids."

Teacher C

"Sinusuri ko ang aking DLL at tinitiyak na ang mga gawain, estratehiya, at pagtataya ay nakaayon sa mga layunin."

"Gumagawa rin ako ng mga kagamitang panturo tulad ng visual aids at interactive activities."

Teacher D

"Sinisimulan ko agad ang paghahanda sa pamamagitan ng pagrerepaso sa learning competencies at pagbuo ng lesson plan."

"Nagsasagawa rin ako ng practice teaching upang mas maging handa."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga guro ay nagsasagawa ng masusing pagpapalano at paghahanda upang matiyak na ang kanilang pagtuturo ay nakaayon sa mga layunin ng aralin at sa pamantayang ginagamit sa classroom observation. Ang kanilang paghahanda ay hindi lamang nakatuon sa paggawa ng lesson plan kundi pati sa pagbuo ng mga kagamitang panturo, pagrerepaso sa learning competencies, at pagsasanay bago ang aktuwal na obserbasyon. Ipinakikita nito ang kanilang pagpapahalaga sa kalidad ng pagtuturo at sa pagtiyak na magiging



makabuluhan ang karanasan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Empiales at Obiso (2025) na nagsasabing ang classroom observation ay naghihikayat sa mga guro na maging mas sistematiko sa kanilang lesson planning, instructional alignment, at paghahanda ng mga kagamitang panturo. Gayundin, binigyang-diin nina Otero-Saborido et al. (2024) na ang epektibong classroom observation ay nagsisimula sa maayos na instructional preparation, dahil ito ang nagbibigay-daan sa mas makabuluhang pagtuturo at mas kapaki-pakinabang na feedback para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro.

Subtema 2. Kolaboratibong Suporta mula sa Mentor

Lumitaw sa pag-aaral na ang kahandaan ng mga gurong Filipino sa obserbasyong pangklasrum ay hindi lamang nakabatay sa kanilang sariling paghahanda kundi maging sa suportang natatanggap nila mula sa kanilang mga mentor, partikular sa kanilang Master Teacher. Ipinakita ng mga kalahok na mahalaga ang paggabay, pagbabahagi ng kaalaman, at pagbibigay ng mga mungkahi ng mga nakatatasa upang higit silang maging handa sa classroom observation. Para sa kanila, ang mentoring ay nagsisilbing gabay sa pagpapalano ng aralin, pagpili ng angkop na estratehiya sa pagtuturo, at pagpapalakas ng kanilang kumpiyansa bilang guro.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Nakikinig din ako sa mga payo ng aming MT."

Teacher A

"Madalas din akong humihingi ng payo sa aking Master Teacher."

Teacher D

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga guro ay kinikilala ang mahalagang papel ng kanilang mga mentor sa kanilang paghahanda para sa obserbasyong pangklasrum. Ang pakikinig sa mga payo at kusang paghingi ng gabay ay nagpapakita ng kanilang pagiging bukas sa pagkatuto at pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa pagtuturo. Higit pa rito, ipinakikita ng mga pahayag na ang mentoring ay hindi lamang nagsisilbing paraan upang maitama ang mga kahinaan ng guro, kundi isang kolaboratibong proseso na nagbibigay ng suporta, nagpapalawak ng kaalaman, at nagpapataas ng kumpiyansa sa pagtuturo.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Vilorio et al. (2021) na nagsasabing ang kolaborasyon sa pagitan ng mga guro sa pamamagitan ng obserbasyon at pagbabahagi ng mga karanasan ay nagpapalakas ng propesyonal na pagkatuto at reflective practice. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang pagbibigay ng makabuluhang puna at pagpapalitan ng mga estratehiya ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro. Katulad nito, binigyang-diin nina Akhter at Salamat (2025) na ang mentoring at coaching ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng pedagogical competence, kumpiyansa, at kakayahan ng mga guro sa pamamahala ng klase. Dagdag pa rito, ipinakita nina Sonsupap at Cojorn (2024) na ang mga gurong nakikilahok sa mentoring, peer observation, at iba pang kolaboratibong gawain ay higit na nagiging handa sa pagtanggap

ng feedback at sa patuloy na pagpapaunlad ng kanilang propesyonal na kasanayan.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang kolaboratibong suporta mula sa mentor ay isang mahalagang sangkap ng kahandaan ng mga guro sa obserbasyong pangklasrum. Kapag ang mga guro ay may pagkakataong makatanggap ng gabay at makipagpalitan ng kaalaman sa kanilang mga mentor, mas nagiging handa sila sa pagharap sa classroom observation at mas napapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo. Dahil dito, mahalagang patuloy na palakasin ng mga paaralan ang mga programang mentoring at coaching upang maisulong ang kultura ng kolaborasyon at patuloy na propesyonal na pagkatuto ng mga guro.

Subtema 3. Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad

Lumitaw sa pag-aaral na itinuturing ng mga gurong kalahok ang obserbasyong pangklasrum bilang isang mahalagang pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kaalaman, kasanayan, at propesyonal na kakayahan. Ipinakita ng kanilang mga pahayag na ang proseso ng classroom observation ay hindi lamang nagsisilbing mekanismo ng ebalwasyon kundi nagsisilbi ring daan upang matukoy ang mga aspeto ng kanilang pagtuturo na nangangailangan pa ng pagpapahusay. Dahil dito, kinikilala nila ang kahalagahan ng patuloy na pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar, at paghahanap ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang higit na maging epektibong mga guro.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Kailangan ko pang ng dagdag na pagsasanay sa makabagong pedagogies at paggamit ng teknolohiya."

Teacher A

"Nadadagdagan ang aking kaalaman at kasanayan kapag sumasailalim ako sa prosesong ito."

Teacher B

"Kung kaalaman ay hindi sapat kaya kailangang paghandaan at pag-aralan."

Teacher C

"Mahalaga ang pagdalo sa mga seminar at pagsasanay."

Teacher D

"Patuloy akong naghahanap ng mga bagong estratehiya at kaalaman."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga guro ay may kamalayan na ang pagiging epektibo sa pagtuturo ay nangangailangan ng patuloy na paglinang ng kanilang propesyonal na kakayahan. Ipinakita nila ang kahandaang matuto ng mga makabagong pedagogical approaches, gamitin ang teknolohiya sa pagtuturo, at lumahok sa iba't ibang pagsasanay upang mapahusay ang kanilang instructional practices. Higit pa rito, ipinakikita ng kanilang pagnanais na dumalo sa mga seminar at maghanap ng mga bagong estratehiya na ang propesyonal na pag-unlad ay isang tuloy-tuloy na proseso na hindi natatapos sa isang classroom observation lamang.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Akhter at Salamat (2025) na nagsasabing ang tuloy-tuloy na propesyonal



na pag-unlad sa pamamagitan ng mentoring, coaching, at mga programang pagsasanay ay nakatutulong sa pagpapataas ng pedagogical competence, classroom management skills, at kumpiyansa ng mga guro. Gayundin, ipinakita nina Pei at Lu (2024) na ang regular na propesyonal na pagkatuto at patuloy na paglinang ng mga kasanayan ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at kakayahan ng mga guro na tumugon sa nagbabagong pangangailangan ng edukasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Chen et al. (2022) na ang mga gurong may mataas na antas ng commitment sa professional learning ay higit na nagiging bukas sa mga bagong estratehiya, inobasyon, at paggamit ng teknolohiya, na nagreresulta sa mas epektibong pagtuturo at mas mataas na kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang classroom observation ay nagsisilbing mahalagang pagkakataon upang mahikayat ang mga guro na patuloy na paunlarin ang kanilang kaalaman at kasanayan. Sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar, pagsasanay, at patuloy na paghahanap ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo, mas nagiging handa silang tugunan ang mga pagbabago sa kurikulum at mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang patuloy na suportahan ng mga paaralan ang mga programang nakatuon sa *continuous professional development* upang mapanatili ang mataas na antas ng kalidad ng pagtuturo at propesyonalismo ng mga guro.

Tema 2. Mga Hamong Nararanasan ng mga Gurong Filipino sa Obserbasyong Pangklasrum

Bagama't ipinakita ng mga gurong kalahok ang kanilang kahandaan sa obserbasyong pangklasrum, lumitaw rin sa pag-aaral na hindi maiiwasan ang iba't ibang hamong kanilang nararanasan sa buong proseso. Ang mga hamong ito ay may kaugnayan sa kanilang emosyonal na kalagayan, mga teknikal at materyal na suliranin, pamamahala ng klase, at pagtanggap sa feedback na kanilang natatanggap matapos ang obserbasyon. Ipinakikita ng mga karanasang ito na ang classroom observation ay hindi lamang isang proseso ng ebalwasyon kundi isang sitwasyong humahamon sa kakayahan, emosyon, at propesyonalismo ng mga guro. Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang apat na subtema: (1) Emosyonal na Presyur at Pagkabalisa, (2) Teknikal at Materyal na Suliranin, (3) Mga Hamon sa Pamamahala ng Klase, at (4) Positibong Pagtanggap sa Feedback. Ang mga subtemang ito ay nagpapakita ng iba't ibang hamong kinakaharap ng mga guro at kung paano nila ito hinaharap bilang bahagi ng kanilang propesyonal na pag-unlad.

Subtema 1. Emosyonal na Presyur at Pagkabalisa

Lumitaw sa pag-aaral na isa sa mga pangunahing hamong nararanasan ng mga gurong Filipino sa obserbasyong pangklasrum ay ang emosyonal na presyur at pagkabalisa. Ipinakita ng mga kalahok na ang inaasahang pagsusuri sa kanilang pagtuturo ay nagdudulot ng kaba, takot, at pressure na maaaring makaapekto sa kanilang kumpiyansa at pagganap sa loob ng silid-aralan. Ang mga emosyonal na hamong ito ay nagmumula sa pagnanais na maipakita ang pinakamahasag na pagtuturo, masunod ang kanilang banghay-aralin, at matugunan ang mga pamantayang itinakda ng mga tagamasid.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Kaba tungkol sa performance at sa pagsusuri ng tagamasid."

"Takot sa hindi makatugma ng plano at aktwal na pangyayari."

"Pressure dahil sa limitadong oras."

Teacher A

"Napepressure ako kapag kulang ang oras ko sa paghahanda."

Teacher B

"Kaba dahil baka hindi ko masunod at matapos ang pakitang turo ayon sa banghay."

Teacher C

"Nakakaramdam ako ng kaba dahil nais kong maging maayos ang aking pagpapakitang-turo."

Teacher D

"Nakakaranas ako ng pressure lalo na sa pagbuo ng mga gawaing angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang emosyonal na presyur ay isang likas na karanasan ng mga guro sa panahon ng classroom observation. Ang kanilang kaba at pag-aalala ay hindi lamang bunga ng mismong presensya ng evaluator kundi pati na rin ng kanilang hangaring maipakita ang mahusay na pagtuturo at matugunan ang mga inaasahang pamantayan. Ipinakikita rin ng mga tugon na ang limitadong oras sa paghahanda, posibilidad na hindi masunod ang lesson plan, at pangangailangang makapagdisenyo ng mga gawaing angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral ay nagdaragdag sa kanilang nararanasang stress at pressure.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Merc (2015), na nagsasabing ang classroom observation ay kadalasang nagdudulot ng anxiety at tensyon sa mga guro, lalo na kapag ito ay may kaugnayan sa kanilang performance evaluation. Ipinakita rin nina Al-Malki, Weir, at Usher (2020) na ang mga guro ay nakakaranas ng emosyonal na presyur kapag ang obserbasyon ay itinuturing na isang mataas na antas ng pagtataya, subalit nababawasan ang kanilang pagkabalisa kapag ang proseso ay nakatuon sa propesyonal na pag-unlad at nagbibigay ng suportibong feedback. Gayundin, binigyang-diin nina Rushton et al. (2023) na ang kahandaan ng guro ay hindi lamang nakabatay sa kanilang kaalaman at kasanayan, kundi maging sa kanilang kakayahang pamahalaan ang emosyon at mapanatili ang kumpiyansa sa harap ng mga hamon ng classroom observation.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang emosyonal na presyur at pagkabalisa ay bahagi ng karanasan ng mga guro sa obserbasyong pangklasrum, ngunit hindi ito nangangahulugang hadlang sa kanilang propesyonal na pagganap. Sa halip, ipinakikita ng kanilang mga karanasan ang kanilang dedikasyon na makapagbigay ng dekalidad na pagtuturo sa kabila ng mga hamon. Dahil dito, mahalagang tiyakin ng mga school leaders at instructional supervisors na ang classroom observation ay isinasagawa sa isang suportibo at developmental na kapaligiran upang mabawasan ang labis na pagkabalisa ng mga guro at higit na mapalakas ang kanilang kumpiyansa at propesyonal na pag-unlad.



Subtema 2. Teknikal at Materyal na Suliranin

Lumitaw sa pag-aaral na isa rin sa mga pangunahing hamong nararanasan ng mga gurong Filipino sa obserbasyong pangklasrum ay ang mga teknikal at materyal na suliranin. Ipinakita ng mga kalahok na ang mga hindi inaasahang problemang may kaugnayan sa teknolohiya, suplay ng kuryente, internet connection, at mga kagamitang panturo ay nakaaapekto sa maayos na pagsasagawa ng kanilang pagpapakitang-turo. Dahil sa lumalawak na paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, ang mga ganitong suliranin ay nagiging malaking hamon sa kanilang paghahanda at aktuwal na pagganap sa classroom observation. Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Teknikal na pangyayaring di inaasahan."

Teacher A

"Kahirapan sa paggamit ng teknolohiya sa paggawa ng video lesson."

"Power interruption."

"Nagkaproblema ang laptop."

Teacher B

"Pagkawala ng kuryente lalo na kung gumagamit ka ng PPT."

Teacher C

"Pagkakaroon ng teknikal na problema sa laptop at projector."

"Pagkawala ng internet connection."

Teacher D

"Hindi gumagana ang projector."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga teknikal at materyal na suliranin ay maaaring makagambala sa maayos na daloy ng pagtuturo sa panahon ng classroom observation. Ang mga problemang tulad ng pagkawala ng kuryente, hindi paggana ng laptop o projector, at kawalan ng internet connection ay nagdudulot ng pagkaantala sa mga nakaplanong gawain at maaaring makaapekto sa kumpiyansa ng mga guro habang isinasagawa ang kanilang pagpapakitang-turo. Ipinakikita rin ng mga karanasan ng mga kalahok na ang pagdepende sa teknolohiya sa pagtuturo ay nangangailangan ng sapat na paghahanda at pagkakaroon ng mga alternatibong estratehiya upang matiyak ang tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hindi inaasahang pangyayari.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Empiales at Obiso (2025) na nagsasabing isa sa mga karaniwang hamon sa classroom observation ay ang kakulangan o hindi pagiging maaasahan ng mga kagamitang panturo at teknolohikal na kagamitan, na maaaring makaapekto sa kalidad ng implementasyon ng lesson plan. Gayundin, ipinakita nina Pei at Lu (2024) na bagama't mahalaga ang integrasyon ng teknolohiya sa makabagong pagtuturo, nananatiling hamon sa maraming guro ang mga teknikal na suliranin at kakulangan sa mga kinakailangang kagamitan. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Akhter at Salamat (2025) na ang pagkakaroon ng sapat na teknikal na suporta at mga mapagkukunang panturo ay mahalagang salik upang maging matagumpay ang implementasyon ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo at mabawasan ang stress ng mga guro sa panahon ng classroom observation.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang mga teknikal at materyal na suliranin ay hindi lamang simpleng hadlang sa

pagsasagawa ng obserbasyong pangklasrum kundi maaari ring makaapekto sa pagiging epektibo ng pagtuturo at sa kumpiyansa ng mga guro. Dahil dito, mahalagang tiyakin ng mga paaralan ang pagkakaroon ng sapat na kagamitan, maaasahang teknikal na suporta, at mga contingency plan upang matulungan ang mga guro na maisagawa nang maayos ang kanilang pagtuturo sa kabila ng mga hindi inaasahang teknikal na problema.

Subtema 3. Mga Hamon sa Pamamahala ng Klase

Lumitaw sa pag-aaral na isa ring mahalagang hamon na nararanasan ng mga gurong Filipino sa obserbasyong pangklasrum ay ang pamamahala ng klase. Ipinakita ng mga kalahok na sa kabila ng kanilang masusing paghahanda, may mga sitwasyong dulot ng pag-uugali at partisipasyon ng mga mag-aaral na maaaring makaapekto sa maayos na daloy ng kanilang pagpapakitang-turo. Kabilang sa mga hamong ito ang pagpapanatili ng disiplina, pagtiyak sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, at pag-angkop ng mga gawain sa magkakaibang kakayahan ng mga mag-aaral. Dahil dito, kinikilala ng mga guro na ang epektibong pamamahala ng klase ay isang mahalagang salik sa matagumpay na pagsasagawa ng obserbasyong pangklasrum.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Pag-uugali ng mga mag-aaral."

Teacher A

"Late na estudyanteng dumarating."

Teacher B

"Dapat maestablish ang disiplina."

Teacher C

"Hindi aktibo ang ilang mag-aaral sa talakayan."

Teacher D

"May mga mag-aaral na hindi nakakasabay sa gawain."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga hamon sa pamamahala ng klase ay may malaking impluwensya sa pagganap ng mga guro sa panahon ng obserbasyong pangklasrum. Ang mga sitwasyong may kaugnayan sa pag-uugali ng mga mag-aaral, hindi aktibong pakikilahok sa talakayan, pagdating nang huli sa klase, at pagkakaiba-iba ng antas ng pagkatuto ay maaaring makaapekto sa maayos na implementasyon ng lesson plan at sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Ipinakikita rin ng mga karanasan ng mga kalahok na kinakailangan ng mga guro ang kakayahang maging flexible at mabilis na makapagdesisyon upang mapanatili ang kaayusan at matiyak ang tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hindi inaasahang sitwasyon sa loob ng silid-aralan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Akhter at Salamat (2025) na nagsasabing ang epektibong classroom management ay isa sa mga pangunahing salik na nakaaapekto sa tagumpay ng pagtuturo at sa kumpiyansa ng mga guro sa panahon ng classroom observation. Gayundin, binigyang-diin nina Rushton et al. (2023) na ang kahandaan ng guro ay hindi lamang nakabatay sa mastery ng nilalaman ng aralin kundi maging sa kakayahang pamahalaan ang pag-uugali at pakikilahok ng mga mag-aaral sa iba't ibang sitwasyon sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Empiales at Obiso (2025) na ang classroom observation ay nagiging mas makabuluhan kapag nasusuri hindi



lamang ang instructional delivery kundi pati ang kakayahan ng guro sa pagpapanatili ng positibong learning environment at epektibong classroom management.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang mga hamon sa pamamahala ng klase ay bahagi ng pang-araw-araw na karanasan ng mga guro at maaaring makaapekto sa kanilang pagganap sa panahon ng obserbasyong pangklasrum. Gayunpaman, ipinakikita rin ng kanilang mga karanasan ang kahalagahan ng mahusay na classroom management sa pagpapanatili ng kaayusan, pagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral, at paglikha ng isang positibong kapaligiran sa pagkatuto. Dahil dito, mahalagang patuloy na suportahan ang mga guro sa pamamagitan ng mga pagsasanay at programang nakatuon sa pagpapalakas ng kanilang classroom management skills upang higit silang maging handa sa iba't ibang hamong maaaring maranasan sa loob ng silid-aralan.

Subtema 4. Positibong Pagtanggap sa Feedback

Lumitaw sa pag-aaral na sa kabila ng iba't ibang hamong nararanasan ng mga gurong Filipino sa obserbasyong pangklasrum, nananatili silang bukas sa pagtanggap ng feedback bilang mahalagang bahagi ng kanilang propesyonal na pag-unlad. Ipinakita ng mga kalahok na ang mga puna at rekomendasyong natatanggap nila mula sa mga observer ay hindi nila itinuturing bilang personal na kritisismo kundi bilang pagkakataon upang mapabuti ang kanilang pagtuturo. Higit pa rito, kinikilala nila ang kahalagahan ng patuloy na paggabay at coaching upang higit na mapaunlad ang kanilang mga kakayahan bilang mga guro. Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Humihingi ng follow-up support or coaching."

Teacher A

"Tinatanggap ko ito ng positibo."

Teacher B

"Tanggapin ng buong puso ang magiging komento."

Teacher C

"Pinakikinggan ko nang mabuti ang mga komento."

Teacher D

"Tinatanggap ko ang feedback nang may positibong pananaw."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mga guro ay may positibong pananaw sa feedback at kinikilala nila ito bilang mahalagang instrumento sa pagpapahusay ng kanilang pagtuturo. Ang kanilang kahandaang makinig, tumanggap ng mga rekomendasyon, at humingi pa ng karagdagang coaching ay nagpapakita ng kanilang pagiging bukas sa patuloy na pagkatuto at propesyonal na pag-unlad. Ipinakikita rin ng mga tugon na ang feedback ay nagiging mas makabuluhan kapag ito ay may kasamang suporta at malinaw na paggabay na maaaring maisabuhay sa kanilang mga susunod na pagtuturo.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Al-Malki, Weir, at Usher (2020) na nagsasabing ang feedback ay mas nagiging epektibo kapag ito ay malinaw, nakatuon sa pagpapabuti, at nagbibigay ng pagkakataon sa guro na maging aktibong kalahok sa proseso ng propesyonal na pagkatuto. Gayundin, ipinakita ni Merç (2015) na ang mga gurong may positibong pananaw sa classroom observation ay higit na handang gamitin ang mga natatanggap na puna upang mapaunlad ang kanilang

instructional practices. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Chen et al. (2022), Pei at Lu (2024), at Ayumi at Nasution (2025) na ang suportibong feedback, kolaboratibong kultura, at patuloy na paggabay mula sa mga instructional leaders ay nakatutulong sa pagpapalakas ng reflektibong pagtuturo at propesyonal na pag-unlad ng mga guro.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang positibong pagtanggap sa feedback ay isang mahalagang katangian ng mga gurong nakatuon sa patuloy na pagpapahusay ng kanilang propesyon. Kapag ang feedback ay naibibigay sa paraang makatarungan, malinaw, at nakasentro sa pag-unlad, mas nagiging handa ang mga guro na gamitin ito bilang batayan sa pagpapabuti ng kanilang pagtuturo. Dahil dito, mahalagang patuloy na paigtingin ng mga paaralan ang mga mekanismo ng coaching, mentoring, at konstruktibong feedback upang mapanatili ang kultura ng patuloy na pagkatuto at propesyonal na paglago ng mga guro.

Tema 3. Mga Karanasan at Repleksiyon ng mga Gurong Filipino Pagkatapos ng Obserbasyong Pangklasrum

Matapos ang obserbasyong pangklasrum, lumitaw sa pag-aaral na ang mga gurong Filipino ay nakaranas ng iba't ibang emosyon at nagkaroon ng mas malalim na pagninilay sa kanilang sariling kakayahan at propesyonal na tungkulin. Ipinakita ng mga kalahok na ang classroom observation ay hindi lamang isang proseso ng ebalwasyon kundi isang makabuluhang karanasan na nagbigay sa kanila ng pagkakataong suriin ang kanilang mga kalakasan, kilalanin ang mga aspektong nangangailangan ng pagpapabuti, at maging mas bukas sa patuloy na pagkatuto. Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang apat na subtema: (1) Emosyonal na Karanasan Pagkatapos ng Obserbasyon, (2) Pagkilala sa Sariling Kakayahan, (3) Pagiging Bukas sa Pagbabago, at (4) Pagpapalalim ng Papel Bilang Guro. Ang mga subtemang ito ay nagpapakita kung paano naging makabuluhang karanasan ang classroom observation sa paghubog ng kanilang propesyonal na identidad at patuloy na pag-unlad bilang mga guro.

Subtema 1. Emosyonal na Karanasan Pagkatapos ng Obserbasyon

Lumitaw sa pag-aaral na ang mga gurong Filipino ay nakaranas ng iba't ibang emosyon pagkatapos ng obserbasyong pangklasrum. Ipinakita ng mga kalahok na matapos ang proseso ng obserbasyon ay nakadama sila ng halo-halong damdamin tulad ng ginhawa, kasiyahan, pananabik, kumpiyansa, at maging ng natitirang kaba. Ipinahihiwatig nito na ang classroom observation ay isang makabuluhang karanasan na may emosyonal na epekto sa mga guro, lalo na matapos nilang maipakita ang kanilang pagtuturo at matanggap ang pagsusuri ng mga observer.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

"Halo-halong emosyon: relief, pagkakantento at pagkabahala."

Teacher A

"Magkahalong kaba, kasiyahan at pananabik."

Teacher B

"Hindi maipaliwanag na kaba."

Teacher C

"Nakakaramdam ako ng ginhawa at kasiyahan."

Teacher D



"Nagiging mas kumpiyansa ako pagkatapos."

Teacher E

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang emosyonal na karanasan ng mga guro pagkatapos ng classroom observation ay magkakaiba ngunit may iisang layunin—ang pagninilay sa kanilang naging pagganap. Ang mga damdamin ng ginhawa at kasiyahan ay nagpapakita ng kanilang pagkakuntento matapos maisagawa ang kanilang tungkulin, samantalang ang natitirang kaba at pagkabahala ay nagpapahiwatig ng kanilang pagnanais na higit pang mapabuti ang kanilang pagtuturo. Samantala, ang pagtaas ng kumpiyansa matapos ang obserbasyon ay nagpapakita na ang karanasang ito ay maaaring magsilbing motibasyon upang lalo pang paghusayin ang kanilang propesyonal na kasanayan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral ni Merç (2015) na nagsasabing ang classroom observation ay nagdudulot ng iba't ibang emosyon sa mga guro, mula sa pagkabalisa bago ang obserbasyon hanggang sa ginhawa at kasiyahan matapos itong maisagawa. Gayundin, ipinakita nina Al-Malki, Weir, at Usher (2020) na ang emosyonal na reaksiyon ng mga guro pagkatapos ng obserbasyon ay nakadepende sa paraan ng pagsasagawa ng evaluation at sa kalidad ng feedback na kanilang natatanggap. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Chen et al. (2022) na ang positibong karanasan pagkatapos ng classroom observation ay nakatutulong sa pagbuo ng kumpiyansa, refleksiyon, at patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang emosyonal na karanasan pagkatapos ng obserbasyong pangklasrum ay isang mahalagang bahagi ng propesyonal na pagkatuto ng mga guro. Ang mga damdaming kanilang naranasan ay nagsisilbing pagkakataon upang pagnilayan ang kanilang mga naging karanasan, kilalanin ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, at magkaroon ng inspirasyon na patuloy pang pagbutihin ang kanilang pagtuturo. Dahil dito, mahalagang matiyak na ang classroom observation ay naisasagawa sa isang suportibo at developmental na kapaligiran upang maging positibo at makabuluhan ang karanasan ng mga guro.

Subtema 2. Pagkilala sa Sariling Kakayahan

